Awit ng Kalayaan Sigaw!

GABAY AT PAMANTAYAN

NIBEL NG KLASE

Gagamitin sa pagmarka ng awit ang mga sumusunod na pamantayan. Alalahanin na proyekto ito sa Araling Panlipunan at ang magwawaging awit ang siyang gagamitin sa inyong proyekto sa Filipino pagdating ng Linggo ng Humanidades.

70%	**NILALAMAN**
30	*Angkop sa tema*
40	*Makabuluhan at may positibong paninindigan*
30%	**PAGTATANGHAL**
15	*Pagkahanda*
15	*Dating!*

Alalahanin ang mga sumusunod na gabay sa pagsulat ng inyong piyesa.

1. Una, bumuo ng grupo ng tig-anim. Magkakaroon ng limang grupo ng tig-anim na tao sa isang klase.
2. Maghanda para sa pagtatanghal sa linggo ng Hulyo 21 hanggang 25. Sa silid-aralan lamang ang tanghalan.
3. Isulat ang awit at kung makakaya, lapatan ito ng musika. Maaaring magsulat sa Ingles, subalit maghanda rin ng kopyang naksalin sa Filipino.
4. Sagutin ang temang nakatakda sa inyong nibel. Ano ang inyong pagkakaintindi sa ugnayan ng kalayaan at pagkamamamayan? Ano ang kalayaan? Ano ang inyong mga tungkulin bilang malayang Pilipino? Maaaring lagyan ng mga kuru-kuro sa kasaysayan, pulitika at lipunan ang inyong piyesa. Sumusunod ang mga nakatakdang tema:
    a. Unang Taon: Pagkabayani
    b. Ikalawang Taon: Pagkakaisa sa pagkakaiba
    c. Ikatlong Taon: Kapayapaan
    d. Ika-apat na Taon: Pananagutan
5. Sa araw ng pagtatanghal, maaari na itula lamang ang piyesa o awitin habang tumutugtog ng gitara o kahon. Hindi kailangan ng buong banda sapagkat nilalaman ang pangunahing titingnan sa nibel na ito.
6. Ang nilalaman ng inyong awit ang mamarkahan ng 70% habang tatanggap ng 30% ang pagtatanghal. Proyekto ito sa unang markahan sa Araling Panlipunan.